# Pitak Filipino

Ni Kap. Agustin L. Galang, NIG (17)

## ANG KATANGIAN NG MASON

Ang katangian ng isang taong natatanglawan ng tunay na liwanag ng Masonera'y mahirap halagahan. Ang isang karaniwang tao na nagpunyagi upang makapagtayo ng makapalasiong tahanang marmol, ginto't pilak na pinalamutihan ng magagara't mamahaling kagamitan, kung siya'y yumao,ang naiwana'y wala ring kahulugan, pagkat ang mga yaon ay material, malao't madali, ang pagkaagnas at pagkasira'y di matatawaran.

Ngunit ang isang Mason na walang pinakamimithi sa buhay kundi ang makapagtayo ng templo ng kagandahan asal (character) sa mga puso ng tao, mamatay man siya, ang kanyang maiiwanan ay isang bantayog na ang katangian, sapagkat ispiritual, ay mamamalagi sa daigdig hanggang sa ang panahon ay tuluyan ng maparam.

—oOo—

## WALANG NABIGO

Maraming tao ang nabigo sa Masoneriya, ang Masoneriya ay nabigo rin sa maraming tao. Ito ay hindi katakataka. Maraming tao ang nabibighani sa Masoneriya dahil sa kapakanang sarili, at maling akalang, may tatamuhing pakinabang. Di maikakaila na sa ngayon, ang pag-anib ay maluwag. Madalas ay di na pinakasusuri ang kaugalian ng sumasapi. Madalas, ang kinahihinatnan ay kabiguan.

Ang dapat ikintal sa isip ng isang naghahangad ng karangalan ng Masoneriya'y ang *paglilingkod* sa kapuwa higit kaysa sarili, ang *magbigay* o *pagkakawang-gawa*. Ang Masoneriya'y walang maipagkakaloob maliban sa bigyan ang isang tao ng *pagkakataon* na magpakabuti't maghandog ng walang lingon-likod na pagpapakasakit ng dahil sa bayan. Napakadakila ang *magbigay* ng di umaasang gaganting palaan. Madaling mawala ang kaligayahan kapag umasa sa *alay* wala pang naibibigay.

Ito ay hindi na makabagong tungkulin. Kilala at isinasagawa iyan ng tao mahaba ng panahon. Sa kasaysayan ng Sangkatauhan, ngayon lamang laganap ang pagunlad dahil sa malalaya na ang isipan. Ang ating adhikaing ito ay wala sa kaisipan kundi sa katuparan, ito'y hindi haka-haka lamang, mana pa'y isang panata sa buhay, hindi ito sa salita kundi sa gawa. Ang pagpapahayag at pagtupad nito'y isang tanda ng tunay na pagka-Mason, isang Masong hindi nabigo sa Masoneriya, at Masoneriyang hindi nabigo sa kanya.

—oOo—

## KAHINAHUNAN

Maging mahinahon ka sa iyong pamumuhay, ito ang saligan ng diwa't tagumpay; huwag kang magmadali sa iyong pag-iisip, ito ang bukal at lakas ng kapangyarihan; huwag magkakait sa kilusang pampalakasan, ito ang kadluan ng dunong at kultura; pakasuriin ang pakikipagkaibigan, ng ang taksil at mapanglinlang ay maiwasan; ugaliin sana ang lagi ng pag-


**Ciriaco del Mundo**

REALTOR

C. M. DEL MUNDO & ASSOCIATES

| | |
|---|---|
| Suit 401 Gonzaga Bldg., 414 Rizal Avenue, Manila (Infront of Ideal Theatre) | 600 Rizal Ave., cor. Raon St., Sta. Cruz, Manila |
| Tel. 3-92-88 | Tels.: 3-79-56 & 3-24-31 |
| | Res. Tel.: 2-65-28 |

ngiti, ito ang tanda ng malayang kaluluwa na nakapagpapalubag sa mabangis mang kabaka; pakasiyasatin at pakasuriin ang inyong ambision, napakatamis kung ito'y matutupad, nguni't kung hindi'y sa kapariwaraan ka masasadlak; huwag kaliligtaan ang pananampalataya, na sa Diyos ang AWA at ang GRASIYA, dumalangin tuwi na, ng mapanuto sa buhay at maligtas ang kaluluwa sa lagim ng pagkakasala.

Ito ang ilan sa mga ginintuang aral ng Masoneriya sa KAHINAHUNAN na kung aalagatain at isasakatuparan ng bawa't Kapatid, ay lalong tatatag at uunlad ang Kapatiran, tayo'y tiyakang magtatagumpay sa pagpapabuti di lamang ng ating sarili, kundi ng Sangkatauhan at dahil diya'y ang mga Mason ay magiging banal at ulirang mamamayan.

———oOo———

## PAGBABAGO

Pinatutunayan ng sining (science) at ng mga tunay na pangyayari sa panahong ito na ang lahat ng bagay dito sa daigdig ay nagbabago. Ang di lamang nagbabago ay ang pagbabago.

Ang mga Katolikong Romano, na matagal na panahong kinakalaban ang Masoneriya, ay malaki na ang ipinagbago sa kanilang patakaran. Dahilan sa "Ecumenism" ng Papa Juan at ipinagpapatuloy ng kasalukuyang Puno ng Batikano. Binago na ang paraan ng pagmimisa, paagingilin, at hindi na kasalanang mortal ang makihalobilo sa Mason. Ngayon ay nakikipagugnayan na sila sa iba't ibang relihiyon, tinanggap ng Papa ang Pangulo ng Rusiya.

Sa Zambales noong nakaraang kombension ng mga Lohiya sa dakilang Lalawigang yaon, ang mananalumpating pangdangal ay si Rev. David F. Clay, isang mataas na pareng katoliko. Isa sa mga paksa niyang tinalakay ay ukol sa Pag-ibig. Nasa pag-ibig sa Diyos, ng tao sa kapuwa tao, ng walang pagtatangi sa lahi, sa color, sa pananampalataya, o sa paniniwala, ang ikapagtatamo ng katahimikan sa balat ng lupa. Napakagandang halimbawa ang ipinamalas ng alagad ng Simbahang Katoliko.

Sa isang buwanang piging ng mga "Scottish Rite Masons" ang pinarangalang bumigkas ng talumpati ay isang tanyag na tao at masugid na "Knight of Columbus." Ito gaya rin ng una ay nagpahiwatig ng paniniwala sa pagkakaintindihan at pagtutulungan ng lahat ng tao. Hindi lamang dito, lalong katakataka ang pakikipagunayan ng mga Katoliko sa iba't ibang mga relihion at sa mga Mason sa Amerika, sa Europa at iba at iba pang panig ng daigdig. Dapat ngang ipagdiwang ng Sangkatauhan ang nagaganap na pagbabago sa kabutihan ng mga taong ang paniniwala ay sila lamang ang tunay na anak ng Maykapal. Kahimanawari'y magpatuloy ang kaaya-ayang pagpapalagayang ito ng matamo nating ang kapayapaan at kaunlaran sa buong mundo.

———oOo———

## HE REVEALS FREEMASONRY

The brother I write about does not go about shouting his Masonry, yet he reveals the teachings and principles of the Institution.

In his business dealings he always acts on the square.

He walks in quiet dignity. What he has, he willingly shares with others less fortunate, because he knows the joy of sharing.

He is never too busy to say a kind word. He is too busy to indulge in idle gossip.

— *Dewey H. Wollstein*